Pace et Bene

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, doon sa harapan ng Minor Basilica of Saint John Lateran sa Roma ay mayroon malaki at magandang mga imahen nina Santo Domingo at San Francisco na nakatanaw at patayong palakad patungo sa Minor Basilica of Saint John Lateran. Ito rin noon ang tahanan at tanggapan ng mga naunang mga Santo Papa. Ang mga imahen na ito ay paggunita sa pagkikita nina Santo Domingo at San Francisco.

Noong taong 1216 doon sa Roma sina Santo Domingo at San Francisco ng Assisi ay nagtagpo upang hingin ang pahintulot ng Santo Papa sa pagbubuo nila ng kanilang sariling samahang tagasunod ni Jesus. Ito ay ang *Ordo Fratres Praedicatores* para kay Santo Domingo, na kilalang-kilala sa ngayon bilang *Dominicans* o sa ang initial na *OP*. At ang kay San Francisco ay ang *Ordo Fratres Minores* o sa ngayon ay ang *Franciscans*, na ang initial *OFM*.

Ang habilin ni Santo Domingo kay San Francisco ay ganito, "*if we stay united and together for cause of Jesus, then we will be stronger and we can spread the Word of God much more and farther*." At ito nga mga kapatid ang nangyari at naganap. Hindi po ba ninyo napansin na sa Litanya ng mga Santo, silang dalawa ay magkasamang binabanggit. Ayon pa rin sa kaugalian na kapag kapistahan ni Santo Domingo kung sino ang *superior-general* ng mga *Franciscans* ay siyang *main celebrant* sa Santa Misa ng mga *Dominicans*. At sa kapistahan ni San Francisco, ang *superior-general* naman ng mga *Dominicans* ang nanganguna sa pagdiriwang ng Santa Misa.

Mga kapatid, kapag nagkakaisa, tayo po ay higit na malakas at matatag. Kapag tayo ay iisa at nagkakaisa, tayo po ay makakagawa ng mas maganda, higit na marami at mas mabuti. Datapuwa't kung tayo ay lalayo at magsasarili, tayo rin ang mahihirap at magiging pabigat pa sa iba. Sa pagtutulungan, sa pagdadamayan mayroon pong kabutihan. Sa pagkakaisa mabubuo natin ang mga balakin at tayo ay magiging higit na kapakipakinabang sa lahat.

Mangyari pa, ang ating mga katabi ay hindi kalaban, hindi karibal. Ang atin kasama ay hindi balakid o sagabal sa ating pagtaas o pag-angat. Sila ay ating katuwang, kaagapay. *We are our companions to one another, not competitors. We are called or chosen to collaborate, not to contradict each other.* At ito po ang ipinakita nina Santo Domingo at San Francisco sa pagtulad at sa paglilingkod kay Jesus.

Kaya po ang bawat isa ay katulong, kapiling natin sa pagsasagawa ng gawain ng ating Panginoong Jesus. Sila ay ating kailangan. Sila ay ating kapwa manggagawa sa Kaharian ng Diyos. Hindi tayo nararapat na matakot o maiinggit sa kanilang pagtaas o sa pagiging mahusay.

Hindi dahil na sila ay hindi natin kapamilya o kapuso ay hindi na natin sila isasama o pakikinggan. At hindi dahil sila ay hindi natin ka-grupo at ka-*level*, sila ay hindi natin tutulungan o palagi na lang kokontrahin.

Sabi nga ni Santa Teresa ng Calcutta, "*you can do something I could not do. I can so something that you cannot do. But together, we could do something very beautiful for God*."

Mga kapatid, sa ating mga kasamahan at sa mga ating mga kapwa ibahagi rin natin ang habilin ng Santo Papa Honorius III, kina Santo Domingo at San Francisco. Winika niya sa kanila, "*we pray and beseech you to preach the Gospel of Jesus in season and out of season*."

Sa kapistahang ito ang atin mahal na patron ano po ang hamon sa atin? Tayo po ay may tungkulin na ipahayag ang Salita ni Jesus sa iba. Si Jesus ay ating ibabahagi sa ating kapwa. Pag-usapan po natin si Jesus. lhandog natin sa kanila ang mga salita at gawa ni Jesus. Muli natin bigkasin sa kanila ang mga sinabi ni Jesus. At muli rin natin gawin sa kanila ang mga halimbawa ni Jesus. Tulad ng sinabi ni San Pablo sa kanyang ikalawang sulat sa mga taga Corinto, na kanyang ipinahayag, "*sawimpalad ako kung hindi ako nagpangaral ng Ebanghelyo*" ((1 Cor. 9,16).

Mga kapatid, kapag nakita mo ang inyong kaibigan, ano ang inyong pagbati, ano ang inyong pinagkukuwentuhan? Kapag mayroon dumalaw sa inyo, ano ang inyong pinag-uusapan, ano ang inyong sinasabi sa isa't isa? Kapag tayo ay nagulat o nabigla, ano po ang ating bukambibig?

Sa buhay ng ating mahal na patron, San Francisco, ang lahat ng kanyang nakikita o nakakadaung-palad, ang kanyang pagbati ay "*pax et bonum*" na ang ibig sabihin ay *peace and good will*, kapayapaan at kabutihang-loob. At iyan, *look up right and left* ang nakasulat sa itaas, sa kisame ng simbahang ito.

Palagi natin asamin at pangarapin ang kapayapaan at kabutihang loob sa ating kapwa. Tignan natin palagi sa kanya ang kanyang kabutihan, hindi yun kanyang kahinaan, hindi yun kapansanan, at hindi yun kanyang madilim na nakaraan. Sabihin po natin sa ating kapwa at gagawin ay yun maganda, yun mabuti, at yun para sa kanilang kaligtasan. At hindi magiging daan ng kanilang pagkakamali, ng kanilang pagkakasala.

At sa buhay din ni Santo Domingo ang kanyang panuntunan sa buhay at ng kanyang Orden ay *Veritas*, na ang kahulugan ay *katotohanan*. Samakatuwid, ang atin bibigkasin at isasabuhay ay kung ano ang totoo, kung ano ang tama, at iyong tunay. Hindi po tsismis. Hindi po bolahan o lokohan. At hindi *fake news* at hindi kasinungalingan.

Sa ating mga kasama, sa bawa't isa at sa atin kinalalagyan isipin po natin ang kapayapaan, hindi ang pagtatalo, hindi ang paghahati at hindi rin ang paghihiganti. Alalahanin po natin at isabuhay ang sinabi Santo Domingo "*veritas*." Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, palagi po natin sabihin at gawin ang salita ni San Francisco, "*pax et bonum.*"

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP Permanent Council member